Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 15 NG MARSO, 2001, HUWEBES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ................................ | Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ................................ | Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 120-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG HALAGANG ISANDAAN SIYAMNAPU'T TATLONG LIBONG PISO (P193,000.00) PARA SA PALARO NG BAYAN (SOFTBALL 2001) AT HALAGANG DALAWAMPUNG LIBONG PISO (P20,000.00) PARA SA LARONG BILLIARD.*

SAPAGKA'T, ang halagang P193,000.00 ay ilalaan para sa larong softball at ang halagang P20,000.00 mula sa pondo ng Tanggapan ng Punong Bayan ay ilalaan naman para sa larong "billiard" kaugnay ng isasagawang Palarong Bayan para sa taong ito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: *Na pagtibayin ang sumusunod na:*

*KAUTUSANG BAYAN BLG. 11-T'2001*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Ilaan ang halagang P193,000.00 para sa larong softball at ilipat at ilaan ang halagang P20,000.00 mula sa pondo ng Tanggapan ng Punong Bayan para sa larong billiard kaugnay ng programang Palarong Bayan 2001, sa ikaaayos ng badyet sa taong ito.

*SEKSYON 2* – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

*PINAGPASIYAHAN PA RIN: Na* pagkalooban ng kapangyarihan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan sa paglalaan ng pondo batay sa mga patakaran at panuntunan sa pagbabadyet at pag-aawdit ayon sa nilalayon ng kautusang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 120-T'2001)

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Kagawad

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad

KGG. EDGARDO T. PORCA
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN
Kagawad

KGG. BERNARDO E. ISON
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. JEFFREY A. VILLASEÑOR
Kagawad

NAGPATUTOO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan